Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

FILE COPY
DATE: 7-27-99

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-21 NG HULYO, 1999, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:25 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO ............ PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar ........ Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez ......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ........... Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ........... Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas .......... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca ........... Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Angelito U. Limjuco ........ Kagawad

KAPASIYAHAN BLG. 167-T'99

KAPASIYAHANG HUMIHILING SA KGG. PUNONG LALAWIGAN JOSE D. LINA, JR. NA MAPAGKALOOBAN ANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA NG HALAGANG TATLONG MILYONG PISO (P3,000,000.00) UPANG GUGULIN SA PAGPAPAGAWA NG "COVERED COURT" KALAPIT NG GUSALI NG PAMAHALAANG BAYAN NG SANTA CRUZ.

**SAPAGKA'T**, hangarin ng pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna na maiangat ang antas ng paglilingkuran sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mga karagdagang pasilidad upang matamo ang isang epektibo at ibayong paglilingkod sa pamayanan;

**SAPAGKA'T**, kaakibat ng layuning ito ay makapagpagawa ng "covered court" upang magsilbing lugar sa paglilikas ng mga mamamayan sa panahon ng kalamidad, palaruan para sa mga kabataan at silbing lugar para sa pangkalahatan at malawakang kapulungan;

**KUNG KAYA'T DAHIL DITO**, sa kagalingang paglilingkuran at pampamayanan,sa mungkahi ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon at Ricardo B. Ramirez, na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN**: Na humiling sa Kgg. Punong Lalawigan Jose D. Lina, Jr. na mapagkalooban ang bayan ng Santa Cruz, Laguna ng halagang P3,000,000.00 upang gugulin sa pagpapagawa ng "covered court" kalapit ng gusali ng pamahalaang bayan ng Santa Cruz.

**INIUUTOS**: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Lalawigan Jose D. Lina, Jr., Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Inhinyero at Pambayang Pinuno sa Pagpaplano at Pagpapaunlad, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

SANGGUNIANG BAYAN
RECORDED
BY:
DATE 7-27

NAGPATUTOO:

HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan